



## TAMANG SAGOT (TS)

Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular

Circular No.	2023-0008
Title	Implementation of a Primary Care Provider Network (PCPN) Contracting Arrangement through the Konsulta Package in Sandbox Sites/Networks ( <i>Revision 1</i> )

Tanong	Sagot
<p>1. <b>Ano ang naging batayan upang ipatupad ang ang polisiyang ito?</b></p>	<p>Ang Republic Act No. 11223 o ang “Universal Health Care Act” ay nagbigay mandato sa PhilHealth na makipag-kontrata sa network ng pampubliko, pamribado o magkahalong pampubliko at pribadong pasilidad para sa paghahatid ng "individual-based" na serbisyong pangkalusugan.</p> <p>Mayroon ilang mga probinsya at siyudad na ang nakapagsumite ng kanilang Letter of Intent upang makibahagi sa implementasyon ng polisiyang ito.</p> <p>Upang maisakatuparan ang mandatong ito, ang PhilHealth ay nag-isyu ng resolusyon o ang PhilHealth Board Resolution (PBR) No. 2791, Series of 2023, na inaamyendahan ang naunang resolusyon na PhilHealth Board Resolution No. 2746, Series of 2022 kung saan binigyan ng awtoridad ng Board ang Management upang maimplementa ang PhilHealth Circular No. 2023-0008 alinsunod sa R.A No. 11223.</p>
<p>2. <b>Ano ang layunin ng polisiyang ito?</b></p>	<p>Upang maisagawa ng PhilHealth ang pakikipagkontrata sa mga pasilidad ng lokal na pamahalaan at pamribadong pasilidad-pangkalusugan na magbibigay-daan para masuri ang iba't-ibang inobasyon at modelo upang makapagsusulong ng mas epektibo at mabisang paghahatid ng serbisyo ng PhilHealth Konsulta.</p> <p>Isa sa mga inobasyon ng polisiya ay ang referral arrangement kung saan ang isang pampubliko o pamribadong pasilidad ay maaring i-refer ang isang pasyente sa ibang pasilidad sa loob ng kanilang network.</p>
<p>3. <b>Sino-sino ang sakop ng polisiyang ito?</b></p>	<p>Ito ay angkop lamang sa mga piling lalawigan, siyudad at pribadong sektor na may interes na makipag-ugnayan o makipag-kontrata sa PhilHealth upang masuri ang mga inobasyon at inisyatibo na makapagsusulong sa paghahatid at paggamit ng serbisyo ng PhilHealth Konsulta. Binibigyan</p>

	ng prayoridad ang mga nasa "UHC Implementation Sites".
<b>4. Ano ang Primary Care Provider Network (PCPN)?</b>	Ang PCPN ay pinagsama-samang Konsulta Providers na pampubliko o pampribado o magkahalong pampubliko at pampribadong pasilidad na may “interoperable” na sistema upang mas maging epektibo at mabisa ang paghahatid ng serbisyo ng PhilHealth Konsulta.
<b>5. Ano ang Service Level Agreement (SLA)?</b>	Ito ang kontrata sa pagitan ng PhilHealth at ng PCPN. Nakapaloob dito ang mga kinakailangan at inaasahang antas ng serbisyo sa pagitan ng PhilHealth at PCPN.
<b>6. Ano ang Special Health Fund?</b>	Ito ay ang "pooled fund" ng isang "province-wide" o "city-wide" health system na nakalaan para sa serbisyong pangkalusugan upang matustusan ang "population-based at individual-based health services", "operating cost", "capital investments" at "remuneration" ng karagdagang manggagawang pangkalusugan gayundin ang insentibo sa lahat ng health workers.
<b>7. Ano ang Liquidation of Frontloaded Capitation?</b>	Ito ay isang proseso kung saan inuulat ng PCPN sa PhilHealth Regional Office (PRO) na may saklaw dito ang kanyang actual physical accomplishment para sa serbisyong pangkalusugang naipamahagi nito sa mga benepisyaryo.
<b>8. Sino-sino ang mga pwedeng makontrata ng PhilHealth upang maging isang sandbox site?</b>	<p>Mga Local Government Units (LGUs) at pribadong pasilidad na may nasimulan na o nagpapatupad na ng mga stratehiya upang mapabuti ang paghahatid ng serbisyong pangkalusugan. Ang mga uri ng interventions o inobasyon na pwedeng masubukan ay maaaring isa o kumbinasyon ng mga sumusunod na aspeto ng pagpapatupad ng PhilHealth Konsulta:</p> <p>a. Ang pagtatatag ng network ng mga pasilidad na naghahatid ng serbisyo ng PhilHealth Konsulta sa mga benepisyaryo nito na may koordinasyon at pinagsama-samang paraan. Ang iba't-ibang uri ng networks ay nakasaad sa DOH AO No. 2020-0021 o ang “Guidelines on the Integration of the Local Health Systems Into Province-wide and City-wide Health Systems (P/CWHS).”</p> <p>a.1. Pampublikong network na binuo ng lalawigan o siyudad na kinabibilangan ng mga pampublikong pasilidad lamang.</p> <p>a.2. Pribadong network na binubuo ng mga pribadong pasilidad na maaring maisali na may pag-apruba ng</p>

	<p>PhilHealth.</p> <p>a.3. Magkahalong network na pampubliko at pribadong pasilidad na may kakayahang maghatid ng serbisyong primary care.</p>
<p>9. <b>Ano-ano ang mga pamantayan sa pagpili upang maging sandbox site?</b></p>	<p>A. Para sa mga PCPN na binubuo ng pampublikong pasilidad at sa mga magkahalong network na pamumunuan ng pampublikong pasilidad, tig-isang sandbox sites mula sa PhilHealth Cluster Areas (North Luzon, South Luzon and NCR, Visayas, at Mindanao) at isang syudad o hindi hihigit sa limang sites ang pipiliin.</p> <p>Maaari lamang maituring na isang sandbox site kung magagampanan nila ang mga pamantayan alinsunod sa Annex A.1 Public PCPN Core Requirements at Annex A.2 Public PCPN Non-Core Requirements.</p> <p>Dapat ay may PhilHealth-accredited Konsulta facilities na nakapag-serbisyo sa 20% ng 2020 Philippine Statistics Authority (PSA) projected population. Para sa isang lalawigan, 20% ng kabuuang populasyon na nakabahagi sa kanyang nasasakupang LGU na may isang PhilHealth-accredited Konsulta provider mula ika 31 ng Enero taon 2023.</p> <p>Hinihikayat din ang mga network na magkaroon ng sarili nilang referral arrangement papunta sa ibang accredited PhilHealth providers para sa kanilang serbisyong pangkalusugan, batay sa kanilang populasyon. Ilan sa mga benepisyong pangkalusugan ay ang mga sumusunod: outpatient benefits, Z benefits (e.g. dialysis package, children with disability benefit) at SDG-related benefits (Maternal Care Package, Outpatient Malaria Package, <i>Outpatient HIV-AIDS Package</i>, <i>Outpatient Anti-Tuberculosis treatment</i>, <i>Animal Bite Treatment package and family planning packages</i>).</p> <p>B. Sa kaso naman ng mga pamprivadong network at magkahalong network na pamumunuan ng pamprivadong pasilidad, hindi lalagpas sa dalawang (2) networks kung sila ay nakatupad sa sumusunod na pamantayan:</p> <p>May hindi bababa sa limang (5) PhilHealth-accredited Konsulta facilities na may maximum na 20,000 na naka-enroll na populasyon sa kada isang PhilHealth-accredited doctor mula mula ika 31 ng Enero taon 2023, na nasa loob ng parehong lalawigan o siyudad o hindi</p>

	<p>maaaring malimitahan sa defined geo-political boundaries;</p> <p>Makapagtatag ng isang pasilidad sa loob ng anim (6) na buwan na nakapaloob sa isang public network sandbox site.</p>
<p><b>10. Ano-ano ang mga proseso at requirements upang maging isang sandbox site?</b></p>	<p>Para sa mga siyudad o lalawigan, pamribado o magkahalong network na pamumunuan ng pampubliko o pribadong pasilidad na interesadong maging isang sandbox site, kailangang magsumite ng Letter of Intent (LOI) na naka-address sa President and Chief Executive Officer (PCEO) ng PhilHealth, thru the Regional Vice President (RVP) ng nakasasakop na PhilHealth Regional Office (PRO) ng hindi tatagal sa <b>ika 15 ng Mayo taon 2023</b>.</p> <p>4.1 Para sa Siyudad o Lalawigan, isang kopya ng tripartite memorandum of agreement (MOA) sa pagitan ng mga LGUs, PhilHealth at DOH UHC Implementation Site.</p> <p>4.2 Para sa mga pamribado o magkahalong network na pamumunuan ng pribadong pasilidad, isumite ang kopya ng mga sumusunod na dokumento:</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>a. Security and Exchange Commission (SEC) Registration o anumang dokumento na patunay bilang isang “legal entity of a network (halimbawa: Joint Venture Agreement)</li> <li>b. Bureau of Internal Revenue (BIR) Certificate of Registration;</li> <li>c. Updated LGU business permit; at</li> <li>d. Certified network list ng accredited Konsulta providers na naglalaman ng mga sumusunod: <ul style="list-style-type: none"> <li>d.1 Listahan ng mga doktor na PhilHealth-accredited sa isang PhilHealth Konsulta facility;</li> <li>d.2 Bilang ng target na benepisyaryo ng isang PhilHealth Konsulta facility.</li> </ul> </li> </ul> <p>Ang kumpletong dokumento ay kailangang isumite sa PRO-Accreditation and Quality Assurance Section (AQAS) sa pamamagitan ng pag-email o direktang pagpasa sa nasabing tanggapan hanggang <b>ika 15 ng Mayo taon 2023</b> para sa paunang assessment, at rekomendasyon at endorsement sa Task Force PCPN sandbox mula sa mga Regional Vice President/VP at Area Office. Ang Task Force</p>

	<p>ang magsusuri at magrekomenda sa PhilHealth Executive Committee (ExeCom) para sa deliberasyon at pag-apruba ng sandbox sites.</p> <p>Matapos ang nasabing deliberasyon at pag-apruba ng ExeCom, padadalhan ng letter of confirmation ang mga napiling sandbox sites. Kalakip ng liham ang mga susunod na hakbang kaugnay sa pagkontrata ng PhilHealth sa network at ang draft copy ng Service Level Agreement (SLA).</p>
<p><b>11. Ano-ano ang mga dapat isumite ng isang PCPN upang magkaroon ng kontrata sa PhilHealth na maging isang sandbox site?</b></p>	<p>Ang network ay dapat na magsumite ng Service Level Agreement (SLA) sa PhilHealth upang mailagay ang benefit payment, targets, commitments, deliverables at contract amount sa pagpapatupad ng PhilHealth Konsulta.</p> <p>Kinakailangang mangako ng isang network na kaya niyang maabot ang kanyang target na benepisyaryo ng PhilHealth Konsulta, na may pagsasaalang-alang sa kanyang “absorptive capacity”, sa pagitan ng 10,000 hanggang 20,000 na benepisyaryo sa bawat isang doktor at 100% para sa mga sumusunod na “performance indicators”:</p> <ol style="list-style-type: none"> <li>a. Bilang ng rehistradong miyembro ng PhilHealth Konsulta; at</li> <li>b. Bilang ng mga benepisyaryo ng PhilHealth Konsulta na may “first patient encounter (FPE)”</li> </ol> <p>Ang ilan pa sa performance indicators na kasama sa binabayaran ng PhilHealth ay nakabatay sa mga indicators na nakasaad sa PC 2022-0005, at ito ay ang mga sumusunod:</p> <ol style="list-style-type: none"> <li>a. Pagsasagawa ng konsultasyon;</li> <li>b. Pagsasagawa ng mga “diagnostic services”; at</li> <li>c. Pamamahagi ng mga gamot (antibiotics at mga maintenance medications para sa mga “Non-Communicable Diseases (NCDs).”</li> </ol>
<p><b>12. Paano masisigurado ng PhilHealth na susunod ang mga PCPN sa mga na obligasyon na nakasaad sa SLA?</b></p>	<p>Isa sa mga inobasyon ng PhilHealth Circular No. 2023-0008 ay ang pag-obluga sa pampubliko at magkahalong network na pamumunuan ng pampublikong pasilidad ang pagsumite ng kopya ng Department of Interior and Local Government (DILG)’s Seal of Good Financial Housekeeping Award bilang patunay ng kakayahan ng LGU na mag-comply sa mga accounting at auditing standards, rules and regulations, na magiging batayan ng PhilHealth bago</p>

	<p>makipagkontrata sa LGU.</p> <p>Ang mga PCPN, maging pampubliko, pribado o magkahalong network na pamumunuan ng pampubliko o pribadong pasilidad, ay kinakailangang magbukas ng buffer o escrow account at magsumite ng Bank Certificate na katumbas ng 30% ng contract amount. Ang money value ng mga hindi nasunod na target ay kailangang ilipat sa PhilHealth ayon sa utos nito.</p> <p>Binibigyan rin ng diskresyon ang mga PCPN na magsumite ng Government Service Insurance System (GSIS) Surety Bond premium, na maaring managot kung magkulang ang PCPN na magawa ang kanyang targets, katumbas ng 30% ng contract amount.</p>
<p><b>13. Paano magbabayad ang PhilHealth sa PCPN?</b></p>	<p>Magbabayad ang PhilHealth sa pamamagitan ng frontloading capitation batay sa idineklara ng network na physical target sa isang payment period, na sasailalim sa liquidation, para sa mga nagawang serbisyo na makikita sa susunod na payment period.</p> <p>Ang pangalawang (2<sup>nd</sup>) frontload ay maibabayad lamang sa PCPN oras na magawa nito ang kahit 60% frontloaded capitation 1 money value ng actual physical accomplishment sa loob ng tatlong (3) buwan, ng naayon sa mga patakaran at regulasyon ng COA.</p> <p>Ang pangatlong (3<sup>rd</sup>) frontload capitation naman ay maibabayad lamang sa PCPN kapag nagawa nito ang kahit 60% frontloaded capitation 2 ng actual physical accomplishment sa loob ng tatlong (3) buwan, ng naayon sa mga patakaran at regulasyon ng COA.</p> <p>Maaaring mag-refund ang isang network o madagdagan ang kanyang capitation batay sa kanyang actual accomplishment. Ang frontloaded capitation ay ibabayad ng PhilHealth sa pamamagitan ng Special Health Fund (SHF) para sa mga pampublikong network at pooled funds naman para sa pribadong networks. Narito ang buod ng payment arrangement:</p>

<b>Parameters</b>	<b>Payment Arrangement</b>
No. of payment tranches	3 Releases; 1 reconciliation: Condition: based on the Number of target Konsulta beneficiaries to be provided services for the 1 <sup>st</sup> Quarter (Maximum Release 1: 30%, Release 2: 50%, Release 3: 20%)
Computation for Frontloaded Capitation 1	Whichever is lowest among: <ul style="list-style-type: none"> <li>• 3-month cash program by the network</li> <li>• Money value of physical targets for months 1-3</li> <li>• 30% of the contract amount</li> </ul>
Computation for Frontloaded Capitation 2	Whichever is lowest among: <ul style="list-style-type: none"> <li>• Cash program by the network for months 4-9</li> <li>• Money value of physical targets for months 4-9</li> <li>• 50% of the contract amount</li> </ul> With +/- variance of the money value of actual accomplishments versus amount frontloaded in Quarter 1.
Computation for Frontloaded Capitation 3	Whichever is lowest among: <ul style="list-style-type: none"> <li>• Cash program by the network for months 10-12</li> <li>• Money value of physical targets for months 10-12</li> <li>• 20% of the contract amount</li> </ul> With +/- variance of the money value of actual accomplishments versus amount frontloaded in Quarter 2 and 3.

	<p>Computation for Annualized Capitation</p>	<p>Annual review (Money value of the total members registered with FPE and provided primary care services VS Total capitation frontloaded)</p> <p>Incentive – automatic contract renewal for the next year</p>
<p><b>14. Paano magagamit ng isang Filipino ang kanyang PhilHealth Konsulta benefit sa isang contracted PCPN ng PhilHealth?</b></p>	<p>Para sa mga pampublikong pasilidad, ang babayaran ng PhilHealth ay Php500.00 kada tao. Para sa mga pribadong pasilidad, ang babayaran ng PhilHealth ay Php750.00 kada tao at pinapayagang maningil ng karagdagang bayad (co-payment) na hindi lalampas sa Php500.00–kada taon sa bawat benepisyaryong naka-rehistro sa kanila.</p> <p>Para sa detalye ng pagkwenta ng Capitation, maaaring basahin ang Annex C, Annex D.1 hanggang D.4.</p> <p>Maaaring magparehistro ang miyembro sa kanyang napiling PhilHealth-accredited Konsulta provider. Matapos nito ay maaari na siyang makagamit ng benepisyong PhilHealth Konsulta sa kahit saang pasilidad ng isang network kung saan kabilang ang kanyang napiling Konsulta provider.</p>	
<p><b>15. Paano susubaybayan ng PhilHealth ang performance ng mga networks na sandbox sites?</b></p>	<p>Ang mga napahintulutan na inobasyon at gawain sa mga sandbox sites ay dapat na may monitoring, recording at reporting system upang masubaybayan ng PhilHealth ang “financing, operations at service delivery performance”.</p> <p>Ang network ay kinakailangang magsumite sa PhilHealth ng mga sumusunod na report na hindi tatagal sa ika-sampung (10<sup>th</sup>) araw pagkatapos ng bawat quarter, kasama ang Annex D.11 at D.13:</p> <ol style="list-style-type: none"> <li>1. Statement of Revenue Targets and Actual Collections – For Public Networks only;</li> <li>2. Statement of Appropriations, Allotment, Obligations, Disbursement and Balances-For Public Networks only; and</li> <li>3. SHF/Network Financial Statements.</li> </ol> <p>Ang mga nalikom na resulta mula sa quarterly assessment ay magsisilbing batayan para sa pag-issue ng angkop na guidelines sa pagpapalawig ng implementasyon ng</p>	



	Konsulta PCPN.
<b>16. Ano ang nakasaad sa “transitory clause” ng polisiyang ito?</b>	Ang PhilHealth Circular na ito ay nakadepende sa pagpapalabas ng Commission on Audit (COA) ng accounting guidelines sa “prospective payment mechanism” at “enabling policies” sa pagtatatag at implementasyon ng Special Health Fund (SHF).
<b>17. Kailan epektibo ang polisiyang ito?</b>	Ito ay epektibo makalipas ang labinlimang (15) araw mula sa petsa ng pagkakatathala sa pahayagan.  Ang Circular ay nailathala sa Manila Bulletin noong ika 28 ng Abril, 2023.